

AKTO NG BAGONG ISTIGMATISASYON NG SEER NA SI CLEMENTE DOMÍNGUEZ GÓMEZ, SA EL PALMAR DE TROYA (UTRERA, SEVILLA, ESPANYA).

Noong Marso 14, 1973, ANG ATING PANGINOONG HESUKRISTO, ay binuksan ang istigma ng kanang dibdib ng seer sa harap ng malaking grupo ng mga tao, karamihan sa kanila ay mga apostol ng Palmar, tulad ng nakadetalye sa ibaba:

Kami lahat ay nagdarasal ng Pitong Ave Maria sa harap ng imahen ng Divina Pastora sa El Palmar de Troya, nang si Clemente Domínguez ay nagkaroon ng ekstasi ng Pinakabanal na Birhen na inilagay ang Banal na Bata sa mga bisig ng seer, kung saan ay sinamba at hinalikan naming lahat. Pagkatapos ng ekstasi ng Banal na Birhen, ang Panginoon ay nagpakita, at ang seer ay nagsimulang danasin ang banal na Pasyon: Ang paghuli sa Hardin ng Hetsemani, ang paglitis sa harap ni Annas, sa harap ni Caipas, sa harap ni Pilato, ang paghampas, ang pagkorona ng tinik, ang pagpresenta sa mga tao, ang paghatol, na may mga detalye ng mga momento ng Pasyon, pinagdaanan ng seer sa isang kahanga-hangang paraan. Pagkatapos ay pinasan niya ang Krus sa kanyang mga balikat at nagsimulang umakyat sa Lentisko, isinabuhay o pinagdaanan ang mga Istasyon ng Krus. Pagdating sa Lentisko, sa harap ng Banal na Mukha, ay naramdaman niya ang Krusipiksiyon at ang huling mga Istasyon.

Kagyat matapos ang Pasyon, mga bandang alas 8:45 ng gabi, ang bagong istigmatisasyon ay naganap. Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nasa harap ni Clemente Domínguez. Mula sa Kanyang Banal na Puso ay may lumabas na mga sinag na tumagos sa kanang dibdib ng seer na parang apoy. Si Clemente ay natumbang paatras nangingisay sa sakit. Inalisan namin ng takip ang dibdib ng seer, muli ay naobserbahang sa bandang kanan ng istigma ng Panginoon, humigit kumulang 9 cm. ang haba, 2 cm. ang lawak at napakalalim, na nagkintal ng malaking impresyon sa lahat ng mga taong nakakita nito. Hindi maipaliwanag na kahit na ang sukat ng istigmata ay mas malaki kaysa sa nakaraang istigmatisasyon, kaunting dugo lamang ang lumabas. Posible, gayunman, na magbigay ng sumusunod na paliwanag: ang sugat ay nabuksan makaraang ang seer ay dumanas ng buong Pasyon.

Bilang mga saksi sa pangyayari, narito ang mga pangalan at mga lagda ng mga taong naroon:

Francisco Gonzáles Ramírez	Rafael Valencia Benavides	Mary Pepa Manante Jiménez
Antonio Vota Olmedo	Francisco Muriel Caviño	Carmen Rodriguez Pavón
Rosario Rodríguez de Vota	Manuel Lobato Moreno Rafael Guillén Carset	Antonio Romero Delgado María Martín Dorado
Carlos Girón Fernández	Julián Martín Retortillo	Manuel Alonso Corral
María Regina de Girón	Carmen de Martín Retortillo	Luis H. Noulins
Jesús Ortega Montero	Ana del Castillo San Juan	
Concepción Martínez de Montero		